# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

## Paggamit ng Panlaping Makadiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Nakabubuo ng salita sa tulong ng panlapi; Nagagmit ang iba't ibang uri ng panlapi sa pagbubuo ng mga pandiwa

Lagyan ng angkop na panlaping makadiwa ang salita sa loob ng panaklong at isulat ang pandiwa sa patlang upang mabuo ang pangungusap.

1. Wala kaming masakyan na dyip kanina kaya (lakad) __naglakad___ kami pauwi.
2. Si Kuya Bert ang (maneho) magmamaneho ng van papunta sa Tagaytay bukas.
3. (abang) __Abangan___ mo sa harap ng bahay mamayang hapon ang pagdaan ng trak ng basurero.
4. Nakita ko na (lipad) ___lumipad___ patungong silangan ang eroplano.
5. (kain) __Kakainin___ mo ba itong huling piraso ng *chocolate* keyk?
6. Matapang na (laban) ___lumaban___ ang mga Pilipino sa mga dayuhang mananakop.
7. (Iyak) __Umiyak____ ang bata nang iwan siya ng kanyang nanay.
8. Huwag kang (takot) ___matakot___ sa mga taong nakamaskara.
9. (gulat) ___Nagulat____ sina Tatay at Nanay sa sorpresang pagdiriwang na inihanda namin para sa kanila.
10. (laro) __Maglaro___ muna kayo sa sala habang hinahanda ko ang hapunan natin.
11. (hiram) ___Hiniram____ ni Ate Maria ang diksiyonaryo natin kahapon pero isinauli niya na ito.
12. Dapat ay (parusa) __parusahan__ ang mga tiwaling opisyal sa pamahalaan.
13. Labis ang saya ni Marianne dahil (kamit) ___nakamit___ niya ang unang gantimpala sa paligsahan.
14. Ang buong mag-anak ay (dasal) nagdarasal/ nagdadasal tuwing bago matulog sa gabi.
15. Ang mamamayan na may disiplina ay laging (tawid) __tumatawid___ sa tamang lugar.

© 2013 Pia Noche 